Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 15 NG MARSO, 2001, HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 119-T'2001*

*KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANGBAYAN SA PAKIKIPAGKASUNDO KAY G. MODESTO LANDERITO HINGGIL SA PAGBILI NG LUPANG PAGTATAYUAN NG BARANGAY HALL NG BARANGAY IV SA BAYANG ITO.*

SAPAGKA'T, may lupang ilalaan ang Barangay IV na pag-aari ni G. Modesto Landerito sa nasasakupan ng nabanggit na barangay upang pagtayuan ng Barangay Hall;

SAPAGKA'T, magiging epektibo ang kasunduan sa sandaling pagtibayin / ratipikahin ang kontrata ukol dito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagkalooban ng lansakang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang pamahalaang bayan sa pakikipagkasundo kay G. Modesto Landerito hinggil sa pagbili ng lupang pagtatayuan ng barangay hall ng Barangay IV sa bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Sangguniang Barangay IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

3-22-2001